# PAGPOPROTESTA SA CALGARY

Ang Calgary Police Service ay kinikilala ang mga karapatan ng bawat mamamayan ayon sa Canadian Charter of Rights and Freedoms sa kalayaan ng pagpapahayag at mapayapang at pagkilos. Kinikilala rin ng CPS ang karapatan ng mga residente, bisita, at mga negosyo na magkaroon ng ligtas na kapaligiran.

**Ang aming binabantayan ay asal, hindi paniniwala.**

Para sa listahan ng mga batas at ordinansa na tumatalakay sa mga protesta at demonstrasyon, bisitahin ang calgarypolice.ca.

## SINO ANG PWEDENG TAWAGAN?

Ang Police Liaison Team (PLT) ng Calgary Police Service ay nakikipagtulungan sa mga indibidwal o grupo upang tumulong sa pagsasaayos ng mga mapayapang kaganapan. Ang mga liaison officer ay maaasahang katuwang para sa mga nagbabalak na mag-organisa o dumalo sa isang pagtitipon.

Para makipag-ugnayan sa Police Liaison Team, magpadala ng email sa: PLT@**calgarypolice.ca**

Pwedeng scan ang QR code as Kaliwang Bahagi na magdadala sa iyo sa pahina tungkol sa protesta sa **calgarypolice.ca.**

## BAGO KA BAGO KA DUMALO SA PROTESTA:

- Alamin ang mga batas at ordinansa

  Ayon sa Seksyon 2 ng Canadian Charter of Rights and Freedoms, may karapatan kang maniwala ayon sa iyong pinili at ipahayag ang iyong pananaw at pinahahalagahan. Gayunpaman, tanging mapayapang pagtitipon lamang ang pinoprotektahan, at lahat ng karapatang nakasaad sa Charter ay may makatuwirang limitasyon. Walang karapatang ganap o absolut.
- Alamin ang iyong mga karapatan at responsibilidad
- Alamin ang tungkulin ng pulis
- Pag-isipan ang iyong mga kilos
- Makipag-ugnayan sa mga pulis at magtanong

CALGARY POLICE SERVICE

## PINAPAHINTULUTANG GAWIN:

- Magtipon ng mapayapa upang igiit ang iyong mga Karapatan
- Ihayag ang iyong iniisip, paniniwala, at opinion
- Ipahayag ang mensahe sa legal na paraan
- Magkaroon ng kalayaan sa pagsasama o grupo

## HINDI PINAPAHINTULUTANG GAWIN:

- Harangan o hadlangan ang daanan
- Magdulot ng kaguluhan o makibahagi sa gulo o kaguluhan
- Magsuot ng maskara sa panahon ng ilegal na pagtitipon o kung may layuning gumawa ng krimen
- Suwayin ang utos ng korte
- Manakit o mananakit ng sinuman
- Magdala ng kahit anong uri ng armas, kabilang ang mga kemikal gaya ng tear gas
- Pumasok sa pribadong pag-aari nang walang pahintulot
- Hadlangan ang parade

## KAILANGANG GAWIN:

- Umalis agad sa pribadong pag-aari kapag pinakiusapan ng may-ari o kinatawan nito. Kung tatanggihan mo ito, maaari kang maaresto at makasuhan ng trespassing.
- Ibigay ang iyong personal na impormasyon kung inaaresto ng isang peace officer. Legal na obligasyon mong ibigay ito, at ang pagtanggi ay maaaring mauwi sa kasong kriminal.

## TUNGKULIN NG PULIS

**Ang Calgary Police Service ay:**

- Nagpapanatili ng kapayapaan at kaligtasan ng publiko
- Nakikipagtulungan sa lahat ng apektado ng isang kaganapan
- Sa mga sitwasyong may abala sa trapiko, nagsisikap na mabawasan ang epekto nito at maibalik ang maayos na daloy ng sasakyan
- Nakikipagtulungan sa mga may-ari ng lupa upang alisin ang mga taong walang pahintulot
- Nagsisiyasat sa anumang kriminal na gawain
- Tumugon sa mga ilegal na kaganapan sa nararapat na paraan. Hindi kinukunsinti ang karahasan at krimen.

## PAG-ISIPAN ANG IYONG MGA KILOS

**Ang ilegal na pagpoprotesta ay maaaring makaapekto sa iyong kinabukasan. Ang mga kasong maaaring magresulta sa criminal record ay pwedeng magdulot ng:**

- Mga limitasyon sa paglalakbay
- Kakulangan ng oportunidad sa trabaho
- Suliranin sa pagkuha ng insurance o paupahang tirahan
- Problema sa pananalapi dahil sa pagbabayad ng multa
- Karagdagang legal na problema kung lalabag sa utos ng korte